# Ahensya sa Aksyon sa Komunidad ng San Mateo County
# Balota Para sa Pagboto ng Miyembro ng Lupon ng Kinatawan ng Sektor na Mababa ang Kita

**Tungkol sa Ahensya sa Aksyon sa Komunidad ng San Mateo County**

Ang Ahensya ng mga Serbisyong Pantao (HSA) ng San Mateo County ang nangangasiwa sa alokasyon ng pederal na pondo ng Community Services Block Grant (CSBG) ng county, na kasalukuyang ginagamit para magbigay ng tulong pinansyal para sa pag-iwas at pagwawakas sa kawalan ng tirahan. Ang Lupon ng Ahensya sa Aksyon sa Komunidad (CAA) ng San Mateo County ang nangangasiwa sa paggamit ng mga pondo ng CSBG.

Ang misyon ng CAA ay alisin ang mga sanhi at pabutihin ang mga kalagayan ng kahirapan sa pamamagitan ng pagsusulong sa kakayahang mamuhay nang nagsasarili ng mga pamilya at indibidwal na mababa ang kita sa San Mateo County.

Ang bisyon ng Lupon ng CAA ay magkaroon ang lahat ng pamilya at indibidwal sa San Mateo County ng pantay na access sa mga mapagkukunan ng komunidad na nagtataguyod at sumusuporta sa kakayahang mamuhay nang nagsasarili.

Ang layunin ng CAA ay magkaloob ng mga serbisyo at mapagkukunan na nagsusulong at humihikayat sa kakayahang mamuhay nang nagsasarili para sa mga pinaka-nangangailangang miyembro ng komunidad, sa pamamagitan ng pangangasiwa at pagbibigay-direksyon sa paggamit ng pondo ng Community Services Block Grant.

Noong 2024, ginamit ng CAA, sa pamamagitan ng subcontractor nitong Samaritan House ang mga pondo ng CSBG para tulungan ang 144 na sambahayang mababa ang kita sa pamamagitan ng pang-emergency na tulong pinansyal para sa mga atrasadong bayad sa upa, pagpapaayos ng kotse, mga security deposit, mga bayarin sa utility, at iba pang serbisyo. Nakatulong ang tulong pinansyal na ito sa mga sambahayan na mapanatili ang kanilang trabaho o tirahan, o makaalis sa pagiging walang tirahan at magkaroon ng sariling bahay. Noong 2025, binuo ng CAA ang Community Action Plan para sa 2026-2027.

Kabilang sa tungkulin ng Lupon ng CAA ang pagpupulong kada tatlong buwan (quarterly) upang suriin ang mga ulat tungkol sa mga serbisyong ipinagkaloob gamit ang mga pondo ng CSBG; pagboto sa mga kaugnay na bagay, kabilang ang mga Community Action Plan; at pagtalakay sa mga kaugnay na paksa. Ang Lupon ng CAA ay isang tripartite board na may mga kinatawan mula sa pampublikong sektor, pribadong sektor, at komunidad ng mga taong mababa ang kita. Ang balotang ito ay para sa demokratikong proseso ng pagpili ng isang kinatawan mula sa sektor ng mga taong mababa ang kita. Ang mga kandidato ay mga residente ng San Mateo County o kaya'y may kaalaman at interes sa komunidad at sa populasyon nitong mababa ang kita.

# Ahensya sa Aksyon sa Komunidad ng San Mateo County
# Balota Para sa Pagboto ng Miyembro ng Lupon ng Kinatawan ng Sektor na Mababa ang Kita

**Mga Tagubilin**

Pakisuri ang mga kandidato sa balotang ito (pahina 3) at pagkatapos ay iboto ang kandidatong gusto ninyo sa pamamagitan ng pag-itim sa bilog na katabi ng kanilang pangalan. **Maaari lamang kayong bumoto nang isang beses at para sa isang kandidato lamang. Hindi kayo maaaring bumoto para sa kaninuman maliban sa inyong sarili. Hindi kayo maaaring bumoto kung hindi kayo nakatira sa San Mateo County.** Ang huling araw ng pagboto ay sa Nobyembre 10, 2025.

(Tingnan ang pahina 1 para sa konteksto at mga tagubilin.)

**Para bumoto, isumite ang balota sa *isa* sa mga sumusunod na paraan:**

1. Iabot ang balotang ito sa receptionist kapag tapos na kayong bumoto;
2. I-scan at i-email ang balotang ito kay Chris Ratana sa cratana@smcgov.org;
3. Ipadala sa koreo ang inyong balota (sagot ninyo ang gastos sa pagpapadala) (dapat may tatak-koreo nang hindi lalampas sa Nobyembre 10, 2025) sa:

   Center on Homelessness, ATTN: Chris Ratana<br>
   500 County Center, First Floor<br>
   Redwood City, CA 94063; o
4. Sagutan ang online na balota sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code sa ibaba.

## Ahensya sa Aksyon sa Komunidad ng San Mateo County
## Balota Para sa Pagboto ng Miyembro ng Lupon ng Kinatawan ng Sektor na Mababa ang Kita

Mangyaring bumoto para sa **isang** (1) kandidato.

| Bumoto | Pangalan ng Kandidato | Talambuhay ng Kandidato |
|---|---|---|
| ◯ | Pat Carbullido | Sinimulan ni Pat Carbullido ang kanyang karera sa non-profit sa Daly City Youth Health Center bilang Administrative Director at kalaunan bilang Executive Director nito. Doon, pinangunahan niya ang paglipat ng center sa isang bagong pasilidad at lumikha ng mahahalagang programa para sa mga kabataan sa San Mateo County. Pagkatapos ay nagsilbi si Pat bilang Director of Operations sa Ayudando Latinos A Sonar (ALAS) at tumulong na lumikha ng mga programa para sa mga manggagawang bukid at dalhin ang Equity Express bus sa baybayin ng county. Nagpatuloy si Pat sa pagsisilbi bilang Executive Director sa Center for Independence of Individuals with Disabilities kung saan nag-hire siya ng kumpletong staff at nagbuo ng isang magkakaibang Lupon. Noong 2025, naging CEO si Pat sa St. Vincent de Paul – San Mateo County, kung saan siya ay nagtatrabaho upang magkaloob ng mga pangunahing pangangailangan para sa mga walang tirahan at sa mga walang katiyakan sa paninirahan. |
| ◯ | Rose Saucedo | Si Rose Saucedo ay ipinanganak at lumaki sa San Mateo County. Nagtapos siya sa Heald School for Business na may AAS degree sa Business Administration. Maraming naging trabaho si Rose, pangunahin na para sa mga may-ari ng maliliit na negosyo sa kahabaan ng Peninsula. May personal na karanasan si Rose sa proseso ng pag-access at paggamit ng mga pampublikong programa at mapagkukunan tulad ng Medi-Cal, CalFresh, at sa pagtanggap ng tulong mula sa Samaritan House. Matapos makatanggap ng tulong, naudyukan si Rose na suklian ang kabutihan sa komunidad. Nagsimula si Rose bilang isang Promotora sa Second Harvest Food Bank noong 2020 na naghahatid ng mga pagkain sa mga pamilya sa kanyang kapitbahayan. Isa rin siyang pamalit na drayber para sa paghahatid ng pagkain para sa Samaritan House. Kasalukuyang nagtatrabaho nang part-time si Rose habang full-time niyang itinataguyod ang kanyang dalawang teenager na anak na babae. |